

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 15

Pagkilala sa Simuno o Paksa ng Pangungusap

Panuto: Ang mga pangungusap sa ibaba ay mula o hango sa 2013 *State of the Nation Address (SONA)* ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Salungguhitan ang buong simuno o paksa (*complete subject*) at isulat sa patlang ang payak na simuno o paksa (*simple subject*) ng bawat pangungusap.

1. _____ Nagbigay ng talumpati ang pangulo sa harap ng Kongreso noong ika-22 ng Hulyo.
2. _____ Ang hangarin ni Pang. Benigno Aquino III ay ang malawakang transpormasyon ng ating lipunan.
3. _____ Dadagdagan pa ang bilang ng mga pamilyang mayroon na o magkakaroon na ng disentang tahanan.
4. _____ Ang pera para sa edukasyon, kalusugan, at serbisyong panlipunan ay napalago dahil sa tama at mas masugid na pagkolekta ng buwis.
5. _____ Ang mga Pilipino na handang makiambag ay siyang ugat ng pagbabagong tinatamasa natin ngayon.
6. _____ Malawakang pagkakataon ang susi sa malawakan at pangmatagalang kaunlaran.
7. _____ Ang malawakang kaunlaran ay ang prinsipyong bukal ng bawat inisyatiba, kilos, at desisyon ng pamahalaan.
8. _____ Umabot sa halos apat na milyon kabahayan ang mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program.
9. _____ Ang kakulangan sa libro at upuan sa mga pampublikong paaralan ay nabura na.
10. _____ Nag-angat ang ating bansa ng mahigit dalawang milyong metriko tonelada ng bigas noong 2010.
11. _____ Ang matataas na uri ng bigas ay sinimulan na nating iniluluwas.
12. _____ Tutulungan ng pamahalaan makaalpas sa lambat ng kahirapan ang ating mga mangingisda.
13. _____ Ang mga impraestruktura na kailangan ng ating mga mangingisda ay ipinapaayos na.
14. _____ Ang layunin na masaklaw ng PhilHealth ang mas marami pa nating kababayan ay natupad na.
15. _____ Mas mahaba na ang listahan ng mga karamdamang libreng maipapagamot sa mga pampublikong ospital.

Talâ: inisyatiba - *initiative*; benepisyaryo - *beneficiary*; angkat - *import*; luwas - *export*